Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-32 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 18-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG BUWANANG TULONG PINANSYAL NA HALAGANG LIMANG DAANG PISO (P500.00) KADA-BUWAN SA MGA SENIOR CITIZENS NG LUNGSOD NG MALOLOS NA OCTOGENARIAN O' WALUMPUNG TAONG GULANG AT PATAAS (80 YRS. OLD AND ABOVE), NANG WALANG PAGTATANGI (UNCONDITONAL CASH ASSISTANCE).**

**PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO AT KGG. EMMANUEL R. SACAY**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa tagubilin ng Batas Republika Blg. 10686 o' mas kilala bilang Centenarian Act of 2016 ang pagbibigay pagkilala at pagpapahalaga sa mga mamamayang Pilipino na umabot sa ika-100 taong kaarawan sa pamamagitan ng paggawad ng pinansyal na insentibo at Felicitation Letter;

**SAPAGKAT,** ang insentibong pinansyal na Isangdaang Libo (Php100,000.00) Piso na laan lamang sa mga may edad na umabot ng isandaang (100) taon ay kapuna-punang hindi na halos makilala ng mga benipisyaro nating mamamayan ang ganitong ambag ng ating pamahalaan dahil sa kanilang pangkalusugang kalalagayan;

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa tala ng Philippine Statistics Authority, tinatayang mayroon lamang na 0.76% sa kabuuang populasyon ng Pilipinas ang mga senior citizens na may gulang na walumpung (80) taon pataas noong taong 2015;

**SAPAGKAT,** batay sa pag-aaral ng United Nations World Population Prospect: The 2017 Revision, ang pandaigdigang haba ng buhay ng tao ay may tinatayang average na gulang na 70.8 taon para sa taong 2010-2015, samantalang sa bansang Pilipinas ay may gulang na 68.8 taon lamang o' mas mababa ng 2.2 taon sa pandaigdigang pamantayan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** dahil sa ganitong kalalagayan, mas makakabuti na habang ang mga senior citizens nating mamamayan ay mabigyan ng pagpapahalaga habang nasa maayos pang kondisyon ang kanilang kalusugan at kaisipan upang lubos nilang madama ang pagpapahalaga ng ating pamahalaan, marapat na masimulan ang pagbibigay ng buwanang pinansyal na insentibo mula sa mga senior citizens na may edad 80 at pataas;

**SAPAGKAT,** ang ganitong gawain ay bilang pagtanaw at pagdakila sa naging ambag nila sa ating patuloy na pagpapaunlad ng ating lipunan;

**KUNG KAYA'T,** ang bumubuo ng Sangguninang Panlungsod ay itinatadhana, na may bisa ng batas, ang mga sumusunod, na:

**SEKSYON 1. - PAMAGAT** - Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin bilang **"SENIOR CITIZENS (OCTOGENARIAN AND ABOVE) LOCALIZED SOCIAL PENSION ORDINANCE OF THE CITY OF MALOLOS".**

**SEKSYON 2. - SAKOP -** Ang Kautusang Panlungsod na ito ay iiral sa teritoryong hurisdiksyonal ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. - KAHULUGAN NG MGA SALITA -** Ang kahulugan ng mga salita ay ang mga sumusunod:

a. Senior Citizen - tumutukoy sa mga mamamayang nasa animnapung (60) taong at gulang pataas;
b. Octogenarian - taong nabubuhay na may edad 80 hanggang 89 taon;

**SEKSYON 4. - TADHANAIN -** Itinatadhana ng Kautusang Panlungsod na ito na ang pagkakaloob ng tulong pinansyal na halagang Limang Daang Piso (Php500.00) kada-buwan, sa lahat ng Senior Citizens na Octogenarian o' walumpung taong gulang at pataas (80 yrs. old and above), nang walang pagtatangi (unconditonal cash assistance).

**SEKSYON 5. -** Inaatasan ang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Paglilingkod (CSWDO) at Office of the Senior Citizen's Affairs (OSCA) na magsumite taun-taon ng talaan ng mga Senior Citizens na Octogenarian o' walumpung taong gulang at pataas (80 yrs. old and above) sa Tanggapan ng Punong Lungsod, upang maisama sa paghahanda ng taunang paglalaan.

**SEKSYON 5. -** Inaatasan ang bumubuo ng Local Finance Committee ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng Kautusang ito.

**SEKSYON 6. -** Ang pamamahala at pagbibigay benepisyo ay pangungunahan ng Punong Lungsod, katuwang ang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Paglilingkod (CSWDO) sa pakikipag-ugnayan sa Office of the Senior Citizen's Affairs(OSCA) sa Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 7. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY -** Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKYON 8. - KABISAAN -** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling pagtibayin.

**PINAGTIBAY.**

**HON. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
CITY VICE MAYOR

**HON. FRANCISCO J. CASTRO** CITY COUNCILOR | **HON. JOHN VINCENT G. VITUG III** CITY COUNCILOR | **HON. NINO CARLO C. BAUTISTA** CITY COUNCILOR | **HON. MICHAEL M. AQUINO** CITY COUNCILOR | **HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO** CITY COUNCILOR

**HON. PATRICK S. DELA CRUZ** CITY COUNCILOR
**HON. DIONISIO C. MENDOZA** CITY COUNCILOR
**HON. DENNIS D. SAN DIEGO** CITY COUNCILOR
**HON. [illegible] SACAY** CITY COUNCILOR
**HON. VICTORINO M. ALDABA III** CITY COUNCILOR
**HON. THERESE CHERYLL [illegible]** CITY COUNCILOR
**HON. EDGARDO F. DOMINGO** CITY COUNCILOR

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
MAR 06 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*02212023